Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-17 NG MARSO, 2014 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pagpupulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Diony de la Torre | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

Wala

x-----------------------------------------------------------x

## KAUTUSAN BILANG 14-03-138

**KAUTUSANG NAGTATAKDA NG BAKANTENG LUGAR SA HARAP NG PAMILIHANG BAYAN SA BARANGAY CAMPAASAN, BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA MAGIGING TINDAHAN NG MGA DAYUHANG MANGANGALAKAL O PALANYAG SA TUWING PAGDIRIWANG NG TAUNANG KAPISTAHAN NG BAYAN NA MAGSISIMULA TUWING IKA-22 NG HUNYO HANGGANG HULYO 6 NG BAWAT TAON AT IBA PA**

**MAY AKDA:** Konsehal Gideon B. Abuel
**TSERMAN:** Lupon ng Usaping Legal
**PANGALAWANG MAY AKDA:** Konsehal Dexter R. Gonzales

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay nag-aatas ng mga sumusunod:

**SEKSYON 1.** Para sa maayos na pagdiriwang ng kapistahan nina San Pedro at San Pablo tuwing Hunyo 28 at 29 at para sa patas at pantay na kumpitisyon sa mga lokal at dayuhang mangangalakal na magdudulot ng kagalingan sa mga mamimili, ang bakanteng lugar sa harap ng Pamilihang Bayan sa Barangay Campaasan, Bulalacao, Silangang Mindoro ay itinatakdang tindahan ng mga dayuhang mangangalakal o palanyag na magsisimula tuwing ika- 22 ng Hunyo hanggang Hulyo 6 ng bawat taon;

Scanned with CamScanner

**SEK. 2.** Ang mga palaro at ibat-ibang mga palabas at "rides" ay isasagawa sa itatakdang lugar ng Punong Ehekutibo sa nasasakupan ng Barangay Poblacion, Bulalacao, Silangang Mindoro;

**SEK. 3.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos pagtibayin;

**ISINABATAS** ngayong ika-17 ng Marso, 2014 sa Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

**GERMAN S. ACOSTA**
Konsehal

**GIDEON B. ABUEL**
Konsehal

**EMELITA A. OSORIO**
Konsehal

**EDWIN C. ACERON**
Konsehal

**SENEN C. FAMILARA**
Konsehal

**DEXTER R. GONZALES**
Konsehal

**DENNES M. FANER**
Konsehal

**RAMON G. MAGBANUA**
Konsehal

**DIONY DE LA TORRE**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 04 29 14

120509/PLP/jpc

Scanned with CamScanner